

1

Napakagat-labi si Keiro, sabay hinto sa paghakbang. Huminga siya nang malalim bago hinarap ang ina na kanina pa nakabuntot sa kanya. Nangungulit ito. Ewan ba niya kung bakit siya ang napiling kulitin na magpakasal sa anak ng kaibigan nito gayong may kuya naman siya na mas kailangang maitali na. Tinitigan niya ito sa mata.

“Look, Ma...” Namaywang pa siya. “Hindi ganyan kadali ’yang ipinapagawa n’yo sa akin. Kinabukasan ko ang nakasalalay sa hinihiling n’yo.”

Ngumiti ito at nag-puppy dog eyes. “Anak, hindi ko naman sinabing tapusin mo ’yung buhay mo. Gusto ko lang na matahimik ka na.” Pumulupot pa ito sa braso niya at ikiniskis ang pisngi na parang isang pusa. Umiral na naman ang pagiging isip-bata ng ina.

Kumawala siya. “Si Kuya muna ang dapat n’yong ilagay sa tahimik bago ako. ’Tsaka ako ang magdedesisyon kung sino ang babaeng mapapangasawa ko... hindi ’yung kung sino-sino lang na nahatak n’yo d’yan sa tabi.” Iyon lang at humakbang na siya papalayo rito.

“Keiro!” habol ng ginang. “Ayaw mo ba talaga?!”

Lumingon siya. “Ayoko!” madiing sabi niya.

Itinapon ni Keiro ang katawan sa kama nang makapasok siya sa kuwarto. Hinilut-hilot pa niya ang sintido, patunay na sumasakit ang kanyang ulo sa kakulitan ng kanyang ina. Ewan ba niya kung ano ang pumasok sa kukote ng ginang at naisipan nito na ipakasal siya sa anak ng kaibigan nito na ni minsan ay hindi pa niya nakikita. Kung sino pa ang bunso ay siya pa ang gustong ilagay sa tahimik. Hindi ba dapat ang kuya niya muna na malapit nang mawala sa kalendaryo ang unang magpapakasal? He was only twenty-four and still enjoying the life of being single. Bumangon siya sa kama at kinuha ang remote ng DVD at in-on iyon. Gusto niyang matulog at hindi siya makakatulog pag walang music na naglalaro sa tainga niya.

Keiro Law, ang pangalawang anak ng mag-asawang Kei at Marie Law, nagtapos ng kursong BSBA sa isang kilalang eskuwelahan. Sa edad niyang beinte-cuatro ay aminado siya na wala pa siyang nagagawang matino sa buhay. Hindi tulad ng kanyang Kuya Keiffer na noong beinte-dos años pa lamang ay nagsimula nang mag-manage ng kanilang kompanya.

Kapipikit pa lamang niya nang may tatlong sunud-sunod na katok mula sa pinto ang nagpadilat sa kanya.

Istorbo. Si Mama na naman 'yan.

Imbis na pagbuksan ng pinto ang kung sinumang kumatok na iyon ay kinuha niya ang unan na nasa kanyang paanan at itinakip sa kanyang mukha.

“Keiro!” Boses iyon ng kanyang Kuya Keiffer kasabay ng pagkatok nito.

Tinanggal niya ang unan sa mukha at nagsalubong ang kanyang mga kilay. Madalang pa sa sikat ng araw kung kumatok sa silid niya ang kapatid.

“Problema?” salubong kaagad niya nang pagbuksan ito ng pinto.

His brother smirked. “Yan ba agad ang salubong mo sa 'kin?”

Tumaas ang isang sulok ng labi ni Keiro, sumilay ang ngiting aso. “Sabihin mo na kung ano'ng kailangan mo. Natutulog ako.” Nagkamot pa siya ng ulo.

Tumingin ito sa loob ng kuwarto niya at napangiwi sa nadatnan. “Let's talk.”

“Tungkol s'an?”

“Ayaw mo daw pumayag sa gusto ni Mama.”

Napailing siya. Nagsumbong marahil dito ang ginang. Ang kanyang kapatid kasi ang takbuan nito pag may problema ito sa kanya. “Nagsumbong ba sa ’yo si Mama?” Para talagang bata ang kanyang ina. Imbis na si Keiffer ang magsabi ng mga problema, baligtad ang sitwasyon—si Marie ang nagsusumbong dito. Serious type ang kuya niya kaya mapagkakamalang ito ang padre de pamilya.

“Ayaw mo ba talagang pumayag sa gusto ni Mama?” Humalukipkip si Keiffer nang itanong iyon sa kanya.

“Ayoko nga.”

Tumalim ang tingin nito sa kanya. “Siguraduhin mo lang na hindi mo pagsisisihan ’tong desisyon mo. There’s no turning back once na nakapag-decide ka na.”

Napasingkit ang mga mata niya. Ano ang ibig sabihin nito na pagsisisihan niya? Napangiti si Keiro. Baliw ba siya para pumayag sa isang kasalan sa isang babaeng hindi niya kilala?

“Oo, sigurado ako. Ngayon, narinig mo na ang sagot ko, gusto ko nang matulog.”

Preserve The Love - Ryza San Miguel

May kung anong emosyon na nakita siya sa mga mata ng kapatid. Naningkit iyon na para bang sinasabing ‘you’ll regret this’. “Okay, if that’s what you want. I’ll take the responsibility then.” Iyon lang at tumalikod na ito.

Take the responsibility? ulit ng isip ni Keiro. *’Wag niyang sabihing siya ang magpapakasal?* Ganoon ba kahalaga ang kagustuhang iyon ng kanyang ina kaya ganoon na lang ang pag-ako nito? Malawak na napangiti siya, sabay dive sa kama. *Mabuti na lang at ngayon umatake ang katangahan ni Kuya.*

2

Nailang si Lyndy sa babae na kaharap niya ngayon sa upuan dahil titig na titig ito sa kanya. “Ikaw na ba ang anak ni Joselle?” tanong nito. Naroon sila sa bahay niya.

Tumango siya nang may pagtataka sa mukha. “Pa’no n’yo po nakilala ang Inay?” Matagal nang yumao ang kanyang mama; dalawang taong gulang pa lamang daw siya noon.

Ngumiti ito. “Ako ang matalik na kaibigan ni Joselle. Alam mo bang kamukhang-kamukha mo siya?” Ngumiti ulit ito na animo ay nakikita nito ang kaibigan sa katauhan niya.

Napangiti ang dalaga. Marami ngang nagsasabi na para raw silang pinagbiyak na bunga ng kanyang ina. “Salamat po.”

“Nabalitaan ko ang nangyari sa pamilya mo.” Marahil ay napag-alaman nitong namatay ang kanyang ama at lola sa isang aksidente. Aksidente na ayaw na niyang isipin pa. “Alam ko ang nangyayari sa buhay mo,” patuloy ng ginang.

“Po?”

“Nagtataka ka marahil kung bakit ngayon lang ako nagpakita sa ‘yo.” Ngumiti ito nang mapait. “Ngayon lang kasi ako nagkalakas ng loob na harapin ang anak ng kaibigan ko.”

Naguluhan na si Lyndy. Bakit kailangan pa ng lakas ng loob para harapin lang siya? “A-ano po ba’ng ibig ninyong sabihin?”

Yumuko ang kausap at pumatak ang luha mula sa mga mata nito. Labis siyang naalerto. Di niya alam kung ano ang gagawin. “Ma’am, bakit po kayo umiiyak?” Natarantang lumapit siya rito at hinagud-hagod ang likod ng ginang.

“A-ako ang dahilan ng pagkamatay ng iyong ina, Lyndy,” anito na tumingin sa mga mata niya.

Automatikong napahinto siya sa paghagod sa likod nito at natigilan.

“Kung hindi ko siya pinilit na lumangoy, hindi sana siya malulunod. Kung nagkaroon lang sana ako ng lakas ng loob n’on na sagipin siya, na kung hindi sana ako naunahan ng takot, sana buhay pa siya ngayon.” Humagulgol ito.

Pilit na ngumiti si Lyndy. “Hindi n’yo po kasalanan ang nangyari. Sigurado po akong gan’on din po ang sasabihin ni Inay.” Yumakap siya sa kausap. Naawa

siya rito. Matagal na panahon din nito marahil sinisi ang sarili sa pagkamatay ng kanyang ina. Pero aksidente ang nangyari, walang may kagustuhan niyon.

Tinitigan siya ng ginang sa mga mata. “Wala bang nababanggit ang iyong ama tungkol sa kasunduan namin ng iyong ina?”

Kumunot ang noo niya. “Wala po. Ano pong kasunduan ’yun?”

May inilabas itong folder sa bag. “Ito.” Iniabot nito iyon sa kanya.

Binuklat niya iyon at binasa ang nilalaman ng folder. Nanlaki ang mga mata niya sa nabasa. Ilang beses pa niya iyong inulit upang makasiguro na hindi siya nagkakamali ng basa.

CONTRACT

Ako si Joselle Sanchez, nangangako na ipapakasal ang aking anak na si Lyndy Sanchez sa isa sa mga anak ni Marie Law na aking matalik na kaibigan.

Ako si Marie Law, nangangakong ipapakasal ang isa sa aking mga anak kay Lyndy Sanchez na

anak ng aking matalik na kaibigan na si Joselle Sanchez.

Pirmado ang kasunduan ng kanyang ina at ni Marie na marahil ay ang babaeng kaharap niya ngayon.

“Ano po’ng ibig sabihin ng sulat na ito?”

“Katulad ng nakasulat d’yan, kailangan mong magpakasal sa isa sa mga anak ko. Hindi ka p’wedeng tumanggi, may attorney na magpapatunay ng kasulatan na ’yan.”

Napanganga si Lyndy sa narinig. “Di po ako payag sa kasunduan ninyo ni Inay.” Ibinalik niya rito ang folder at tumayo.

“Hindi p’wede ’yun, Lyndy. Gusto mo bang makulong?”

“Po?!” Napahilot siya sa batok. *Ano ba naman ’to? Mukhang nag-iwan pa si Inay ng gulo bago mamayapa. Ano’ng gagawin ko? isip ni Lyndy.*

“Paglabag sa kasunduan pag hindi ka nagpakasal, ’tsaka ito na lang ang paraan para mapagbayaran ko ang kasalanan ko kay Joselle. At least, matupad ko man lang itong kasunduan na ginawa namin.”

“P’wede po bang kalimutan n’yo na lang po ’yung kasunduan n’yo ni Inay?”

Umiling-iling si Marie. “Parang sinabi mo na ring kalimutan ko ang matalik kong kaibigan.” Tumayo ito at humarap sa bintana. “Kahit ano’ng mangyari, kailangan kong tuparin ang pinagkasunduan namin. Ayokong magkita kaming muli ni Joselle sa langit na hindi ko natupad ang pinagkasunduan namin.”

Alam niya na valid ang contract na iyon. Nakanotaryo ito at may pirma pa ng bawat partido.

“Mag-isa ka na lamang sa buhay, hindi ba, Anak? Ayaw mo bang magkaroon ng pamilya?” Lumapit pa sa kanya si Marie at kinuha ang mga kamay niya. “Sigurado akong malungkot ang mag-isa sa buhay.”

Napangiti siya nang pilit. “Hindi naman po.” Tama ito. Wala na siyang pamilya; mag-isa na lamang siya sa mundo. Marahil ay may mga kamag-anak pa siya, ngunit hindi niya kilala ang mga ito. Mag-isa niyang binubuhay ang sarili simula nang pumanaw ang kanyang ama at lola. Totoo na malungkot ang mabuhay nang mag-isa. Pero ayaw naman niyang magkaroon ng instant family na ni hindi niya alam kung sino ang mga ito. Ayos na kay Lyndy ang mag-isa. “May mga kaibigan naman po ako, kaya hindi po ako nalulungkot.”

Pinisil nito ang kamay niya. “Ganito na lang, Hija. Ba’t hindi mo muna kilalanin ang anak ko? Baka magustuhan mo siya? Ay, hindi pala! Magugustuhan mo talaga siya!” malawak ang ngiti na saad nito.

Kanina lamang ay humahagulgol ito sa iyak, ngayon naman ay nakakangiti na. Lihim siyang napailing.

Sandali siyang nag-isip. Masasayang lang ang oras nilang lahat. Kahit ilang lalaki pa yata ang makilala ni Lyndy ay hindi na magbabago ang nararamdaman niya para sa isang lalaki na minamahal niya magpahanggang ngayon. “Ang totoo po n’yan, may gusto na po akong iba,” pag-amin niya. “Maintindihan n’yo po sana ako, Ma’am.”

“Tita Marie na lang ang itawag mo sa ’kin, huwag nang ‘Ma’am’.” Pinalo pa siya nito sa braso.

Napamaang ang dalaga. Mukhang hindi siya naintindihan ng kausap. “Ano po kasi...” Sandali siyang huminto. “Tita... may gusto na po akong iba, kaya kung p’wede ay kalimutan n’yo na lang po ’yung contract. Mahirap naman pong magpakasal sa taong hindi n’yo mahal. Hindi rin po magtatagal ang relasyon pag nagkataon.”

Malamlam na tumingin si Marie sa kanya.

Marahil ay nalinawan ito sa sinabi niya. “Hindi p’wede.” Ngumiti ito na pinasingkit pa ang mga mata. “Ang pagkakaalam ko’y wala ka namang boyfriend ngayon at babae rin ang mga kaibigan mo. Plus, wala ka ring ka-close na lalaki sa pinagtatrabahuhan mo, kaya imposible ang sinasabi mo na may iba kang gusto.” Hinimas-himas pa nito ang baba.

“P-pa’no n’yo po nalaman?” buong pagtatakang tanong ni Lyndy. Totoo ang mga sinabi nito.

“I have my sources. Mula n’ung pumanaw sina Ronaldo at Tiya Lusing, lagi na kitang pinasusubaybayan,” amin nito. “Basta this coming Wednesday ay ipapasundo kita sa anak ko. Mag-date kayo nang makilala n’yo naman ang isa’t isa.” Tinungo nito ang pinto, sumunod siya. “Una na ako, Anak, at may lalakaran pa ako.” Yumakap pa ito sa kanya at hinagud-hagod ang kanyang likod. “Promise, you’ll like my son.”

Natigilan na lamang si Lyndy. Wala siyang magawa sa kagustuhan nito. Wala naman sigurong masama kung kikilalanin niya ang anak ng ginang. Sigurado siyang ayaw rin nito ang kasunduan, kaya panigurado siya na walang kasalang magaganap.

Nagpahatid si Marie sa kanyang driver sa sementeryo upang dumalaw sa puntod ni Joselle. Inilapag niya ang mga bulaklak sa nitso nito.

“Kamusta ka na, Friend?” Ngumiti siya nang mapait. “Napakaganda ng anak mo, Joselle, kamukhang-kamukha mo siya.” Umupo siya sa Bermuda grass na sakop ng puntod nito. “Mukhang mahihirapan ako na matupad ang kasunduan natin. Pero don’t worry, gagawin ko ang lahat ng makakaya ko upang matupad lang ’yun. Tulungan mo ’ko, Friend, ha?” Biglang umihip ang malakas na hangin na animo ay sumagot si Joselle.

Walang makapagsabi na ang isang tulad niyang laging nakangiti at masayahin sa harapan ng mga tao ay may itinatago ring kalungkutan. Kalungkutan na dinadala niya magpahanggang ngayon...

“Sige na, Joselle, lumangoy na tayo,” yaya niya sa kaibigan.

“Ayoko. Hindi ako marunong lumangoy.”

Reunion nilang magkakaklase noong high school at napagdesisyunan na pumunta sila sa isang beach at doon ay mag-swimming. Ayaw ngang sumama ni Joselle sa una pa lamang dahil hindi naman daw ito marunong lumangoy. Pinilit lamang niya ito na

sumama. Best friends kasi sila.

Dahil mukhang wala itong balak na lumusong man lang sa tubig, hinatak niya ang kaibigan hanggang sa mapunta sila sa mababaw na bahagi ng dagat.

“Sandali lang naman tayo magtatampisaw,” ani Marie na hawak-hawak si Joselle sa magkabilang balikat habang pasulong pa nang pasulong sa dagat.

“Dito na lang tayo, Marie. Masyado nang malalim pag lumakad pa tayo.”

“Okay, sige.”

Para silang mga bata na naglaro sa tubig. Hanggang sa mapagod na sila at inilublob na lang ang mga katawan hanggang sa leeg. Natatapakan pa naman nila ang lupa sa bahaging iyon ng dagat.

“Kukunin ko lang ‘yung tuwalya natin,” paalam niya nang umahon siya.

Hindi pa man nakakalayo si Marie kung saan iniwan niya si Joselle ay may isang malaking alon na bigla na lang sumulpot. Napakalaking alon niyon, lampas-tao. Natulala siya. Si Joselle ay nandoon pa sa gawing iyon. Hindi siya makaalis sa kanyang kinatatayuan. Huli na nang makita niya ang kaibigan na tinangay ng alon papalayo. Nagkukumampay pa

ito. Nalulunod na ito.

“Joselle!” sigaw niya na nagtatakbo papalapit sa dagat. Bago pa man siya tuluyang makalapit sa tubig ay may isang lalaki na pinigilan siya. “Bitawan mo ’ko! Si Joselle, nalulunod!”

“Miss, delikado!” anito na pilit na pumipigil sa kanya. “May mga alon pang kasunod iyan. Pumunta muna tayo sa mataas na lugar.” Hinatak siya nito papalayo.

Nagkagulo ang mga tao sa paligid niya. Tumakbo ang mga ito papalayo sa dagat. Gustuhin man niyang iligtas ang kaibigan ay walang nagawa si Marie.

3

“Di nga, totoo?!” sabay pang pasigaw na sabi ng dalawang kaibigan ni Lyndy. Nasa canteen sila noon, lunch break nila.

“Aish!” senyas pa niya nang tahimik. “Oo, totoo. Nakakaloka nga, eh. Ang tahimik ng buhay ko ’tapos may biglang pupunta sa bahay na may ipapakitang papel na kelangan ko daw pakasalan ’yung anak niya.” Kumagat pa siya sa burger.

Sina Robin at Alex ang dalawang kaibigan niyang babae.

“Pero malay mo, ’yung anak na pala ng kaibigan ng inay mo ang lalaki para sa ’yo,” hirit ni Robin.

“Oo nga naman, bakla!’ tumangu-tango naman na sang-ayon ni Alex na hinampas pa ang kaliwang braso niya. “Malay mo baka makalimutan mo na ’yang first and unrequited love mo.”

Ngumisi pa ang dalawa. Alam ng mga ito ang tungkol sa love life niya. Well, kung matatawag nga ba niya iyong ‘love life’. Naiinis si Lyndy pag naalala niya ang mukha ng lalaking dahilan kung bakit hanggang ngayon ay hindi pa siya nagkaka-boyfriend.

“Baka nga,” mahinang bulong, na napayuko pa.

Nagkatinginan sina Robin at Alex. “Go, baklang palaka!” cheer ng dalawa.

Napangiti si Lyndy.

“Guess what, Keiffer!” masiglang salubong ni Marie sa kanya. Kagagaling lamang niya sa office at mukhang magandang balita ang pasalubong ng ina. Tinungo nila ang sala.

“Ano po ’yun?” Umupo siya at inilapag ang attaché case sa tabi. Niluwagan pa niya ang kurbata na pakiramdam niya ay kanina pa sumasakal sa kanya.

“Nakilala ko na kanina ’yung anak ni Joselle, si Lyndy. Napakagandang bata, Keiffer!” Hindi nito napansing natigilan siya. Umupo ito sa bakanteng couch na katapat ng inuupuan niya, pagkaraan ay nagsalin ng tsaa sa tea cup.

Humigop siya ng tsaa. “Talaga po?”

“Oo, Anak. Ang s’abi ko nga ay may date kayo this Wednesday.”

Tumango na lamang siya. “No problem. Just tell

me her address then I'll pick her up." Lumingun-lingon siya. "Si Keiro po, Ma?" hanap niya sa pasaway niyang kapatid. Mukhang wala ito sa bahay at nakipag-gig na naman.

"Ayun! Umalis, may pupuntahan daw siya."

"That kid," bulong pa niya.

"May tanong ako, Keiffer," ani Marie na tila may naalala.

"Ano po 'yun?"

"Bakit mo sinalo 'yung dapat na pagpapakasal ni Keiro? Gusto mo na ba talagang magpakasal? Dapat sinabi mo sa 'kin nang mas maaga para sana hindi ko na kinulit si Keiro."

Natawa ang binata na nagpalabas sa mapuputi at pantay-pantay niyang ngipin. Sa totoo lang, marinig pa lamang ni Keiffer ang salitang 'kasal' ay kinikilabutan na siya.

"This year, Ma, Keiro is the one who'll get married, not me," makahulugang sabi niya. "I just want to teach him a lesson through this." Kinuha niya ang attaché case at tumayo na. "Ah, yeah! Sa Wednesday after our date, dito na rin kami siguro magdi-dinner ni Lyndy." Ngumiti siya at umalis upang

magtungo sa kuwarto.

Naiwang naguguluhan si Marie sa sala. Si Keiffer ang tipo ng tao na hindi mapapayag sa mga ganoong bagay, kaya talagang nabigla ang ginang nang pumasok ang panganay na anak sa kuwarto nito at sinabing siya na lang daw ang magpapakasal sa anak ng kaibigan nito.

Tiningnan ni Keiffer ang kanyang wristwatch; alas doce beinte na. Di man lang niya namalayan ang oras. Kapag nasubsob na siya sa trabaho ay nakakalimutan na niya ang oras. Ang sinabi ng kanyang ina ay alas tres daw ang out ni Lyndy sa trabaho. Ipinadala ni Marie sa kanya ang address ng opisina ng pinagtrabahuan ng dalaga sa pamamagitan ng text message. Mga two thirty ay susunduin niya ito.

Hinimas-himas niya ang nangawit na batok. *That kid! Dinadagdagan pa ang trabaho 'ko.* Tumayo na siya mula sa swivel chair at kinuha ang coat na nakasabit sa likod ng upuan. Inayos niya ang sarili. Tinungo niya ang banyo na nasa loob din ng kanyang opisina.

The game will start now, aniya sa harap ng salamin.

Samantala...

Palabas na ng employees area si Lyndy. Tapos na ang oras ng kanyang trabaho.

Ano'ng meron? Bakit nag-uumpukan ang mga 'yun? tukoy niya sa iba niyang kasamahan sa trabaho na mukhang may pinag-uusapang chismis. Na-curious siya. Lumapit siya sa umpukan. “Ano'ng meron, bakla?” tanong niya kay Alex na kasama sa umpukan.

“May guwapo sa labas, bakla!” kinikilig pang sagot nito. “Mukhang may hinihintay.”

Baka isa sa mga food inspector. Isa kasing food corporation ang kompanyang pinagtatrabahuhan niya. “Akala ko naman kung ano na. Una na 'ko, bakla.” Alam nito na may date siya ngayon kaya hindi muna sila sabay uuwi. Mamayang four thirty ng hapon pa kasi ang out nito sa trabaho. “Ano pa'ng ginagawa mo d'yan, bakla?! Baka mapagalitan ka mamaya ni Manager, bumalik ka na sa trabaho.” Kinurot pa niya ito sa baywang.

“Oo na, bakla! Ingat!” Nagbeso pa si Alex sa kanya. “Sasabihin ko na lang kay Robin na gumora ka na.” Iniwan na siya nito.

“Excuse me...” ani Lyndy sa bawat taong

madaanan. *Ang daming usisera, ngayon lang ba sila nakakita ng guwapo?* Sa wakas ay nakalabas na rin siya sa employees area. *Grabe! Parang may artista lang!* Hinanap niya kung sino ang toong pinagkakaguluhan ng mga katrabaho niya.

Ayun! Guwapo nga. Pero bakit mukhang nakatingin at nakangiti ito sa kanya? Nag-iilusyon yata siya. Papalapit ito sa kanya. Tumingin siya sa magkabilang gilid. Wala naman siyang katabi.

Ako ba nginingitian nito? Teka, bakit parang papalapit siya sa puwesto ko?

Ilang sandali pa ay huminto ang guwapong lalaki sa tapat niya. “Hi, Lyndy,” nakangiting banggit nito sa pangalan niya.

Napatanga siya rito.

“I’m Keiffer, your date.” Iniabot pa nito ang bouquet ng bulaklak na bitbit.

Tila kinikilig na nagtilian ang mga babae sa likuran niya.

Grabe ang reaksyon, ah! Bakit, bawal ba akong magkaroon ng ka-date na guwapo? isip niya. Date... date... date... (5% processing... 25% processing... 45% processing... 75% processing... 100%....)

Napatili na rin siya. Late reaction. “Ikaw?!” turo pa niya sa lalaking kaharap. Mukhang siya ay naging OA sa pag-react, pero ano ang magagawa niya? Unexpected iyon, na ganoon pala kaguwapo ang anak ng kaibigan ng kanyang ina. Ang inasahan niya ay average-looking lang ito.

Bahagyang napangiti Si Keiffer at tumango. “Let’s go?” Inilahad pa nito ang kamay. Tinitigan pa niya iyon at pagkaraan ay tinanggap din. Inalalayan siya nito sa paglabas ng kanyang opisina.

Hindi mapigilan ni Keiffer ang mapangiti sa reaction ni Lyndy kanina nang malaman nito na siya ang ka-date nito. Actually, he found it cute. At mas cute pala ito sa personal kaysa sa picture. Nasa kotse na sila ngayon, ramdam niyang nagnanakaw ito ng tingin sa kanya.

“S-saan tayo pupunta?” basag nito sa katahimikan.

“Mall, we’ll watch a movie.”

Lyndy was one cute lady. Bilugan ang mukha nito, matangos na maliit ang ilong, may pagkasingkit ang mga mata, manipis ang mga labi, at may pagkamorena ang balat. Maliit lang din ito katulad ng tipikal na mga babae. Straight pa ang itim na buhok nito. *No*

wonder, that idiot can't resist her charm, patungkol niya sa kapatid na si Keiro. She was a natural beauty, wala itong makeup.

“Tell me, Lyndy. Okay lang ba sa 'yo na ipinagkasundo tayong magpakasal ng ating mga ina?” tanong niya na nasa pagmamaneho ang pansin.

“Hindi,” walang kagatul-gatol na sagot nito.

“Then why did you agree to go out on a date with me?”

Ramdam niyang napatingin sa kanya ang dalaga. “Wala namang masama kung makikipag-date ako,” Seryoso ang boses nito. “Pero guwapo ka naman pala, kaya nagdadalawang-isip na ako tungkol sa kasunduan.” Bigla pa itong ngumiti. “Pero kung mukha kang paa, baka ni first thought ay hindi umubra.”

Natawa si Keiffer. Mukhang kalog ang dalaga. “At least, there's hope for you to fall for me.”

Hindi na ito nakasagot. Biglang lumalim ang iniisip nito.

Habang naglalakad sila patungo sa sinehan ay hindi mapigilan ni Keiffer ang mailang. Pakiramdam niya kasi lahat ng pares ng mga mata ay nakatingin

sa kanilang dalawa ni Lyndy.

Bakit ba naman kasi sa third floor pa ang sinehan?! inis na isip niya. Tiningnan niya si Lyndy, mukhang wala lang rito ang atensyon ng mga tao.

“Naiilang ka na ba?” tanong nito na tiningala pa siya.

Tumango lang siya.

“Hirap maging guwapo, 'no ?”

Napangiti ang binata.

Sa wakas ay narating na rin nila ang sinehan. Bumili kaagad siya ng ticket. Pagkaraan ay bumili rin siya ng popcorn at juice.

Fast and Furious 6 ang pinanood nila na kung saan ay si Vin Diesel ang bida. Wala pa siguro sa kalahati ang pelikula nang maramdaman niya ang pagbigat ng kanang balikat. Nakatulog si Lyndy, nakanganga pa.

Napangiti siya. Hanggang sa matapos ang palabas ay tulog ang dalaga. Ayaw sana niyang gisingin ito.

“Lyndy...” Tinapik-tapik pa ni Keiffer ang pisngi nito. “Sleepyhead, wake up.” Mukhang naalimpungatan na ito. Kinusot nito ang mga mata.

“S-sorry, nakatulog pala ako.” Mababakas sa mukha nito ang hiya.

“Mukhang na-bore ka sa date natin,” may pagtatampong sabi niya.

“H-hindi, ah!”

Tumayo na siya. “Let’s go to our next destination.” Ginulo pa niya ang buhok nito.

“May kasunod pa?” anito na hinahabol ang bawat hakbang niya.

Binagalan niya ang paglalakad. “Dinner.”

Pakiramdam ni Keiffer ay hindi mahirap pakisamahan si Lyndy. Sandaling oras pa lamang silang magkasama pero parang ang tagal na nilang magkakilala. Pakiramdam niya ay walang pader na nakaharang sa pagitan nila.

4

Kating-kati na ang mga paa ni Keiro para umalis. May usapan sila ng barkada niya na magkikita-kita sa tambayan ng alas seis y media ng gabi at ngayon ay hindi pa siya nakakaalis. Malapit nang mag-alas-seis beinte. Paniguradong yari siya sa mga kaibigan. Mahalaga pa naman ang gig nila ngayon.

Bakit ba naman kasi sumabay pa 'tong si Kuya? Laban niya sa car race at malaking pusta ang tinaya ng barkada niya sa kanya.

“Ma naman, anong oras ba darating sina Kuya? May lakad pa ako,” aniya. Nasa sala sila ngayon ng mga magulang niya. Maagang umuwi mula sa trabaho ang kanyang ama nang malaman nito na sa bahay magdi-dinner ang anak ng kaibigan ng asawa nito. “Ten minutes! Pag ten minutes wala pa sila, Ma, aalis na 'ko!”

“Keiro naman, ayaw mo bang makilala 'yung magiging future sister-in-law mo?” tanong ng kanyang ina na pinagdikit pa ang mga palad. Kumukurap-kurap pa ang mga mata nito.

“Marami pang pagkakataon na makikita ko siya,

pero 'tong gig namin ay wala nang pagkakataon na mangyayari ulit.” Nagde-kuwatro siya at sumandal sa couch.

“Okay, fine! Ten minutes. Pero pag dumating sila within ten minutes, you’ll stay until dinner is over. Deal?”

“Deal!”

Parang bata na nag-cross finger ang kanyang ina. Napailing-iling na lang siya.

Samantala, sa labas ng bahay ng mga Law...

“We’re here,” untag ni Keiffer matapos patayin ang makina ng sasakyan.

Halos malula si Lyndy sa laki ng bahay na nasa harapan niya. Mansion na yata ito. Bumaba ang binata at pinagbuksan siya ng pinto. Inilahad pa nito ang kamay para alalayan siya sa pagbaba.

“This is our house,” anito na mukhang nabasa sa mukha niya ang katanungan kung nasaan na sila. “Nagluto si Mama ng mga specialties niya nang malaman niyang dito tayo magdi-dinner.” Tiningnan pa siya ni Keiffer at ngumiti.

Habang papasok sila sa loob, hindi maintindihan ng dalaga kung bakit bumibilis ang tibok ng kanyang

puso. Marahil sa first time niyang makapasok sa isang mansion. May ilang kasambahay ang sumalubong sa kanila.

“Sina Mama?” tanong ni Keiffer.

“Nasa sala po sila,” sagot ng matandang kasambahay. Tiningnan siya nito at nginitian. Gumanti rin siya ng tipid na ngiti sa katulong.

Malayo pa lang ay tanaw na ni Lyndy ang tatlong tao na nakaupo; nakatalikod ang mga ito sa kanila. Ito marahil ang mga magulang ni Keiffer at kapatid nito.

“Ma! Pa!” tawag ng binata nang nakapasok sila sa bungad ng sala.

Kaagad na humarap at tumayo ang mga magulang nito at nilapitan silang dalawa.

“Kamusta ka na, Lyndy?” magiliw na sabi ni Marie. “Mabuti naman at nakapunta ka.” Kinuha pa nito ang kanang kamay niya at pinisil iyon.

Napangiti siya. Napadako ang tingin niya sa matandang lalaki.

“Nice meeting you, Lyndy. Tawagin mo na lang akong ‘Tito Kei’.” Kinamayan pa siya nito. “Napakaganda mo nga talagang bata,” dagdag pa

nito.

“Maupo muna tayo. Inaayos pa naman ang hapag-kainan,” alok ng ginang.

“Nga pala, Lyndy, meet my younger brother...” Nakaharang sa mukha ng lalaki ang binabasa nitong dyaryo kaya hindi niya makita ang hitsura nito. “Keiro.”

Ibinaba ng kapatid ang dyaryo nang banggitin ni Keiffer ang pangalan nito.

Parang binuhusan ng malamig na tubig si Lyndy nang makita kung sino ang nasa likod ng dyaryong iyon. Bumilis din ang tibok ng puso niya na para bang nagwawala sa sobrang kaba. Mukhang nagulat din ito nang makita siya.

“May problema ba?” pukaw ng ama ng dalawang binata. Mababakas sa mukha ng mga ito ang pagtataka kung bakit naging ganoon ang reaksyon nilang dalawa nang makita ang isa’t isa.

“Is that you, Lyndy Sanchez?” paniniguro ni Keiro na unang nakabawi. “What a small world!” Umalis ito sa pagkakasandal sa couch at ikinalang ang mga siko sa magkabilang tuhod.

Bumalik ang alaala ng nakalipas...

Preserve The Love - Ryza San Miguel

Since first to fourth year high school ay magkaklase na silang dalawa. Kilala nga sila bilang aso't pusa ng klase. Walang araw kasi na hindi sila nag-aaway. Ewan ba niya kung saan nagsimula ang away nila ni Keiro basta ang alam na lang ni Lyndy isang araw ay nagsasagutan na sila hanggang nauuwi sa bangayan. Hindi niya makalimutan ang araw na nasuntok niya ito sa sobrang galit.

Breaktime. Naisipan muna ni Lyndy na tumambay sa ibaba ng hagdanan kung saan may mauupuang sementong bench sa gilid niyon na nalililiman ng puno. Tahimik na sana ang pagmumuni-muni niya nang may limang lalaki na sumulpot sa kanyang harapan.

“Ano, Lyndy?” pukaw ni Keiro na mukhang naghahanap ng gulo sa kanya.

Inirapan lamang niya ito. Wala siya sa mood na makipag-away.

Ginulo nito ang buhok na kaaayos lamang niya.

Napasigaw si Lyndy. “Ano ba’ng problema mo?!” Tumayo na siya.

Napasipol ito na sinundan pa ng apat na kaibigan nito. “Lalaban ka?”

“Aba’t...!” Pinigilan niya sa sarili. Ayaw niyang

makipag-away dahil alam niyang mayayari na naman sila sa class adviser nila. “Nagpapapansin ka na naman?”

Tumawa ito nang nakakaloko. “Ako, nagpapapansin?” turo pa nito sa sarili. “Patawa ’tong mukhang puwet na ’to.” Lumingon pa si Keiro sa mga kaibigan na nasa likuran lamang nito.

Lalagpasan na sana ito ni Lyndy nang hawakan siya nito sa braso. “Naman!” gigil na sabi niya. Paglingon niya ay walang anu-ano na sinapak niya ito sa mukha. Imbis na ang mukha nito ang magdugo ay parang ang kamao pa niya. Tumama iyon sa brace nito. “Ow! Ow!” aniya nang mapagtanto ang nagawa niya. Sapu-sapo nito ang nguso habang nakatingin nang masama sa kanya. Mukhang bubuga na ito ng apoy dahil sa galit. Mayamaya pa ay nagtatakbo na siya paakyat ng hagdanan.

“Lyndy!” rinig niyang sigaw ni Keiro. “Bumalik ka dito!”

Oras ng Filipino subject nila. Ramdam ni Lyndy na siya ang tatawagin ng kanyang tamad na guro na magbasa ng libro sa harap ng klase. Para makaiwas sa pagtawag ay hindi siya tumitingin sa gawi nito at itinuon na lang kunwari ang sarili sa pagbabasa.

“Lyndy, halika dito sa harapan at basahin mo ang pahina cuarenta y ocho.”

Wala siyang nagawa kundi sumunod.

Halos lumagpas ang libro na binabasa niya sa mukha. Alam niyang may pares ng mga mata na masamang nakatitig sa kanya. Ramdam niya iyon.

“Lyndy, huminto ka nga sa pagbabasa,” singit ng kanilang guro. “Ganyan ba ang tamang pagbabasa? Kulang na lang idikit mo ’yang mukha mo sa libro.”

Ibinaba niya ang pagkakahawak sa aklat. Nahagip niyang nakatingin nga sa kanya si Keiro, parang kakainin siya nito nang buhay. Mayamaya pa ay natapos din siya sa pagbabasa. Dali-dali siyang naupo sa sariling silya.

“Alam n’yo, class, ngayon ko lang napansin na magkamukha pala sina Lyndy at Keiro,” komento ng kanilang guro na nagpabalik-balik ng tingin sa kanilang dalawa.

Nakatikim ng kanyaw ang dalawa mula sa mga kaklase nila.

“Para n’yo na ring sinabi na mukhang puwet ako, Ma’am,” seryosong sabi ni Keiro na nakatingin sa labas ng bintana.

Nagtawanan ang buong klase.

“Be grateful! Kesa naman sa mukha mong mukhang paa na may alipunga!” ganti niya.

“Tama na nga kayong dalawa, nagsisimula na naman kayo,” saway ng kanilang guro.

Kung iisipin ni Lyndy kung ilang beses na silang nag-away ni Keiro, hindi na niya mabilang. Nandiyan pa ang kanilang school festival. Ang theme nila nang taong iyon ay folk dance at ang napili nilang sayawin ay ang Salakot dance.

“Okay!” pumapalampak na saad ng bakla na magtuturo sa kanila ng sayaw. “Pumila kayo base sa height n’yo, dito ang babae at dito naman ang lalaki,” turo pa nito.

Tmalima ang mga mag-aaral.

“Ngayon, kung sino ang katapat n’yo ay siya ang magiging dance partner n’yo,” untag ng choreographer.

Nilingon ni Lyndy kung sino ang kanyang katapat. Kung minamalas nga naman! Ang kanyang mortal enemy pa ang nakatapat niya.

“Ayun, oh! Ang aso’t pusa, magkapareha!” komento ni Jim na isa sa mga kaibigan ni Keiro.

“Destiny na ’yan, Tol!” pang-iinis pa ni Lloyd.

“Tumahimik nga kayo!” Lumingon sa likuran si Keiro.

Hindi na siya umimik pa.

“Lyndy, baka gusto mong makipagpalit ng partner?” ani Sharmain na nasa kanyang likuran.

Sumilay ang isang buhay na buhay na ngiti sa mga labi niya. “Talaga?”

Tumango ito.

Kinalabit niya si Keiro na abala sa pagpapaikot ng panyo at ipapatama sa mga kaklase nilang pagtitripan nito. Huminto ito sa pagsumpit ng panyo at hinarap siya. “Bakit?”

“Palit tayo ng partner ni Sharmain.”

Tumingin ito sa nabanggit na babae at ibinalik ang tingin sa kanya. “Ayoko,” blangkong sagot nito.

“Ha? Bakit? Sira ka ba? Makikipagpalit na nga ng partner ’yung tao, eh.”

Hinarap nito si Sharmain. “Sino ba’ng kapartner mo?”

“Si Michi,” sagot nito.

“Ano’ng gusto mo?” tanong ni Keiro na nilingon siya.

Sandaling napaisip si Lyndy. Kilala sa pagiging manyak si Michi sa klase nila.

“Sharmain... okay na ’ko sa partner ko.” She smiled apologetically.

“Okay lang.” Ngumiti rin ito bagaman mababakas sa mukha ang pagkadismaya. Alam niya na may gusto si Sharmain kay Keiro. ‘Crush’ pa nga ang tawag nito sa lalaki.

Habang tumatagal, pakiramdam ni Lyndy ay mas nagiging okay na sila ni Keiro. Bihira na silang mag-away magmula noong nag-umpisa ang practice ng sayaw nila. Hindi marunong sumayaw ang lalaki, kaya hirap na hirap ito sa bawat step na ginagawa nila. Minabuti nilang mag-practice nang silang dalawa lang pagkatapos ng general practice.

“Kung ba’t ba naman kasi kelangan pang sumayaw lahat ng estudyante!” inis na reklamo nito nang magpahinga sila.

Bilang tenth anniversary ng kanilang eskuwelahan, napagdesisyunan ng kanilang school president na mag-participate ang lahat ng estudyante sa folk dance. Pag hindi raw nag-participate ay asahan na ang araw-araw

na paglilinis sa buong school bilang parusa.

“Tara na, practice na tayo,” aya ni Lyndy. “Mukhang mahaba-habang practice pa kelangan mo para makabisado mo ang steps.”

Tumayo ito at pinagpag ang puwitan. Sumalampak lang kasi sila sa semento.

Hindi maipaliwanag ni Lyndy kung bakit parang nawala na ang inis niya kay Keiro. Feeling niya ay mas nag-e-enjoy na siya pag kasama niya ito. Minsan nga napapatingin na lamang sa kanila ang mga kaklase nila pag nagtatawanan sila ni Keiro dahil sa pagkakamali nito.

“Kabisado ko na, Lyndy!” tuwang-tuwa na sabi ng binatilyo nang huminto ang tugtog. Hindi na ito nagkamali pa sa pagsasayaw. Na-perfect nito ang steps. Napayakap pa ito sa kanya sa sobrang tuwa.

Pareho silang nabigla sa yakap na iyon. Kaagad na kumalas si Keiro sa pagkakayakap sa kanya. “Thank you hug ’yun,” paliwanag nito. Napakamot pa ito sa batok. “S-salamat sa pagtitiyaga sa pagturo sa ‘kin,” mahinang sabi nito na nakayuko pa.

Umiling-iling siya. “Wala ’yun!” Tinapik pa niya ito sa balikat. Natatawa siya sa hitsura ni Keiro. Guwapo naman pala ito pag hindi sinusumpong ng topak.

Dumating ang araw ng dance competition nila. Dalawang oras na lang at magsisimula na ang laban. Lahat sila ay kinakabahan. Kailangan nilang galingan, nangako kasi ang kanilang adviser na pag nanalo sila ay magkakaroon sila ng swimming party. Kaya ganoon na lang ang energy nila.

“Girls, attention!” tawag ng kanilang class adviser. “Hindi daw makakapunta ’yung makeup artist natin ngayon, kaya kayo na lang ang mag-ayos sa sarili n’yo. Kaya n’yo naman ’yun, di ba? May sarili kayong mga makeup na dala.”

“Okay po, Ma’am, no problem! Yakang-yaka namin”to,” sagot ng isang kaklase ni Lyndy.

“And one more thing, kayo na rin bahala sa ka-partner n’yo. Foundation and lipstick lang, ayos na sa kanila,” dagdag pa nito.

Tapos nang mag-ayos si Lyndy. Nakaupo lamang ang partner niya sa isang sulok. Tinawag niya ito. “Keiro! Tara na, ime-makeup na kita.”

Lumapit ito sa kanya na bitbit-bitbit ang isang armchair. “Lyndy...” anito na seryoso ang mukha. “Ayokong magmukhang bangkay, ah. Kaya kung puwede, ayusin mo lang ang pagme-makeup sa ’kin,”

sabi nito na parang nakasalalay sa pagme-makeup niya ang buhay nito.

“Oo. ’Wag kang mag-alala, hindi mo makikilala sarili mo pag naayusan na kita.” Ngumiti pa siya nang nakakaloko.

“Umayos ka, Lyndy.”

Nilinisan muna niya ang mukha nito gamit ang bulak na may cleanser at saka nilagyan iyon ng moisturizer. Pagkatapos ay nilagyan niya ng liquid foundation ang mukha ni Keiro kasunod ang concealer upang takpan ang eyebags nito. Isinunod niya ang paglalagay ng face powder. Ginuhitan din niya nang bahagya ang mga kilay nito. Nilagyan din niya ng brown eyeliner ang itaas at ibaba ng eyelids nito and lastly...

“Lipstick?!” gulantang na sabi nito. “A-ayoko n’yan! Di ko gusto ’yan!” Tatayo sana ang binatilyo nang pigilan niya ito sa balikat.

“Wag nang makulit, ang putla ng hitsura mo, eh.”

Wala na itong nagawa. Bahagya nitong ibinuka ang mga labi at nilagyan niya iyon ng lipstick.

Biglang sumulpot si Harold. “Parang nahalikan mo na si Lyndy n’yan, P’re. Indirect kiss.”

Ramdam ni Lyndy ang pag-init ng magkabilang pisngi niya. “H-ha?! Anong indirect kiss? Lipstick lang ang ipinahid ko, kiss na.”

“Kaya nga indirect, malamang hindi derecho. Ikaw ang huling gumamit ng lipstick, di ba, ’tapos ginamit naman ni Keiro. So ang tawag d’un ay indirect KISS.” Idiniin pa nito ang salitang ‘kiss’. Nangingiti na iniwan sila ni Harold. Ang halimaw!

Ilang sandali rin silang natahimik na dalawa.

“Akin na nga ’yang lipstick,” agaw ni Keiro sa kanya. “Mamaya gamitin mo pa.”

Pagkaagaw ng lipstick ay ibinulsa nito iyon at lumabas ng classroom. Itatapon marahil nito ang lipstick. Gusto pa naman niya iyon.

“Kainis!” inis na sigaw ni Lyndy. “As if naman na gusto kong halikan siya!”

Sa huli, umuwi silang luhaan sa competition. Best in costume lamang ang napanalunan ng section nila.

Ilang araw at buwan pa ang lumipas. Hindi na sila nagpansinan pa ni Keiro, nagsimula iyon noong matapos ang school festival. Pakiramdam ni Lyndy ay parang may kulang sa araw niya simula nang hindi na sila nag-aaway ng binatilyo. Ang ipinagtataka pa

niya sa sarili, kung dati ayaw na ayaw niyang pumasok dahil makikita niya si Keiro, iba na ngayon. Maaga na siyang gumigising upang pumasok sa eskuwelahan. Pakiramdam niya ay ang laki ng ipinagbago niya magmula noong maganap ang school festival. Parang hinahanap-hanap niya si Keiro; hindi kompleto ang araw pag hindi sila nag-aaway.

Minsan nga nahuhuli na lamang niya ang sarili na nakatitig kay Keiro. Hanggang sa napapanaginipan na niya ito. In short, buong araw na ang kaklase ang laman ng isip niya. Tinanong niya rin sa kanyang sarili kung ano ba ang nangyari sa Keiro na kilala niya. Kung dati na mahilig itong mag-trip ngayon ay naging magiliw na ito sa iba niyang kaklase at nakikitawa na rin ito sa iba. Feeling niya ay siya lang ang hindi pinapansin nito.

Ilang araw pa ang lumipas ay ganoon at ganoon pa rin ang sitwasyon nila. Parang di nila nakikita ang isa't isa pag nagkakasalubong. Hanggang sa malapit nang dumating ang araw ng kanilang graduation. Naiisip pa lamang iyon ni Lyndy ay nalulungkot na siya. Dahil alam niya pagkatapos ng araw na iyon ay hindi na magkukrus pa ang landas nilang dalawa.

Hanggang isang araw, nagising na lamang si Lyndy na ang dating mortal enemy niya ay mahal na

pala niya. Siguro totoo nga ang mga katagang ‘The more you hate, the more you love’. But since when? Iyon ang katanungan niya sa sarili.

“Bakit ang tamlay mo, Anak?” tanong ng kanyang tatay, nasa eskuwelahan na sila at hinihintay ang pagsisimula ng graduation ceremony.

“Wala po, Tay.” Pilit pa siyang ngumiti.

Ilang minuto pa ang lumipas ay nagsimula na ang kanta na pang-graduation march. Matagal-tagal din ang hinintay nila bago sila makamartsa ng kanyang tatay. Naramdaman niya ang pagtulo ng luha nito.

“Tay, ba’t po kayo umiiyak?”

Nilingon siya nito. “Natutuwa lang ako, Anak, at nakatapos ka na ng high school. Parang kelan lang kasi nasa kindergarten ka pa. Sigurado akong ganito din ang nanay mo kung nandito siya.”

Pagkatapos ng pagmamartsa ay may ilang presentation din ang ginawa hanggang sa tawagin na isa-isa ang pangalan ng mga estudyante para tanggapin ang diploma sa stage. Kasama nila ang kani-kanyang mga magulang. Pagkatapos ng bigayan ng diploma ay ang isang napakahabang speech naman mula sa kanilang school president. Ang malakas na palakpakan ng mga tao ang hudyat na tapos na ang seremonya ng

kanilang pagtatapos sa high school.

“Sige na, Anak, magpa-picture ka na muna sa mga kaklase mo,” sabi ng kanyang tatay na umupo sa isang tabi.

“Sige po, Tay. Sandali lang po ito.”

May isang tao na gusto niyang makasama sa litrato. Isang tao na naging dahilan kung bakit nagkakulay ang high school life niya. Si Keiro. Hinanap niya ito sa paligid. Sa wakas ay namataan niya ang binatilyo.

“Keiro...” tawag niya. Lumingon ito sa direksyon niya at para bang natigilan sa kanyang pagtawag. Lalakasan na niya ang loob. Tatal huling pagkikita na nila ito. Lumapit siya sa lalaki.

Nakatitig lang ito sa kanya. Mukhang wala talaga itong balak na kibuin siya hanggang sa huli.

“A-ano kasi...” Nahihiya siya. Di niya alam kung paano sasabihin.

Napakunot ang noo nito. “Let’s have our picture taken.”

“Ha?” Nagkamali yata siya ng dinig.

“Sabi ko magpa-picture tayo,” ulit nito.

Napangiti siya.

Bumilang muna ni Jim hanggang sa kuhanan sila nito ng larawan.

Two shots iyon, isa sa camera niya at isa naman sa camera ni Keiro. Habang malawak ang pagkakangiti niya ay nakaakbay naman sa kanya ang binatilyo na nakatingin sa mukha niya.

“Ba’t sa ’kin nakatingin si Keiro, hindi sa camera,” puna niya nang makita ang resulta ng kuha nila sa digital camera niya.

“Let’s take another.” Walang anu-ano na pinindot ni Keiro ang shutter button ng digicam. “Is this enough?” Halos mukha lang nila ang nasa screen. Kumuha pa ulit sila ng katulad kanina gamit naman ang digicam niya.

“Thanks sa picture. Sige, una na ’ko...” pagpapaalam ni Lyndy sa lalaki. Parang iyon na yata ang pinakamahirap na pagpapaalam na nagawa niya sa buong buhay niya. Papalayo na siya rito nang huminto siya at lumingon. Kumaway siya rito. Gumanti naman ito ng kaway.

Nang lumayo na siya ay hindi niya napigilan ang pagpatak ng luha.

“Keiro, salamat sa lahat. Salamat sa feelings na

Preserve The Love - Ryza San Miguel

pinaramdam mo sa 'kin, kahit huli na nang malaman ko kung ano ka ba talaga para sa 'kin," mahinang sabi niya sa sarili. "In the end, I fell in love with my mortal enemy."